

Pagpapasya kung ang iyong sanggol ay dapat magkaroon ng post-mortem examination (eksaminasyon pagkatapos ng pagkamatay)

Nakikiramay kami sa pagkamatay ng iyong sanggol.

Ang mga pagpapasyang gagawin mo kasunod ng pagkamatay ng iyong sanggol ay magiging isa sa mga pinakamahirap na kailangan mong gawin. Nabigyan ka ng impormasyong ito upang matulungan kang makapagpasya kung magdedesisyon ka o hindi na magkaroon ng post-mortem examination (na kilala rin bilang isang autopsy) ng iyong sanggol.

Layunin naming mabigyan ka ng isang malinaw at tumpak na impormasyon upang matulungan ka na makagawa ng may-kaalamang pagdedesisyon na tama para sa iyo, sa iyong pamilya at sa iyong sanggol. Ang impormasyong ito ay nagpapaliwanag sa aming mga serbisyo, detalye ng mga iba't-ibang opsyon ng post-mortem na mayroon, saan isinasagawa ang mga ito at paano namin titiyakin na ligtas na darating ang iyong sanggol.

Kung mayroong anumang bagay na hindi ka sigurado, o gustong linawin nang mas detalyado, mangyaring huwag mag-atubiling magtanong sa tao na nagbigay sa iyo ng impormasyong ito. Mahalaga na mayroon ka ng lahat ng mga impormasyon na kailangan mo bago magdedesisyon tungkol sa isang post-mortem. Baka gusto mong pag-usapan ito kasama ang iyong pamilya. Maaaring nais mo ring humingi ng espirituwal o pangkulturang patnubay at suporta, o pati na ang makipag-usap sa isang magulang na nakaranas nito (tingnan ang QR code para sa mga mapagkukunan ng pagluluksa sa pahina 4).

Ano ang Victorian Perinatal Autopsy Service?

Ang Victorian Perinatal Autopsy Service (VPAS) ay nagbibigay ng mga serbisyong autopsy para sa mga pagkamatay na perinatal (ang panahon mula sa pagbubuntis hanggang isang taon pagkatapos manganak) sa komunidad ng Victoria. Ang mga pagkamatay na perinatal ay binubuo ng stillbirths at neonatal deaths. Ang stillbirth ay kung saan ang sanggol ay ipinanganak na walang palatandaan na buhay pagkatapos ng 20 linggong pagbubuntis o may timbang na mahigit 400g kung hindi alam ang tagal ng pagbubuntis. Ang neonatal death ay kung saan ang sanggol ay namatay sa loob ng unang 28 araw ng buhay nito.

Ang VPAS ay binuo ng Pamahalaan ng Victoria at ito ay isang pagtutulungan ng The Royal Women's Hospital, Monash Health, Mercy Hospital for Women at ng kanilang mga tagapagbigay ng pathology.

Kami ay nakikipagtulungang mabuti sa mga ospital ng Victoria upang suportahan ang mga pamilya na nakakaranas ng pagkamatay ng isang sanggol. Nagbibigay kami ng impormasyon at gabay sa mga kawani ng ospital at nag-aayos sa mga kahilingan para sa mga post-mortem examination kasunod ng pagkamatay ng isang sanggol.

Ano ang post-mortem?

Ang post-mortem ay isang medikal na eksaminasyon ng isang espesyalista sa medisina sa isang katawan pagkatapos ng pagkamatay.

Lahat ng mga post-mortem examination ay dinadaluhan ng isang perinatal pathologist. Sila ay may mataas na kasanayan at may karanasang mga doktor na partikular na sinanay sa post-mortem ng mga sanggol.

Ang anumang uri ng post-mortem examination ay hindi isasagawa kung walang pahintulot mula sa iyo. Ang iyong desisyon ay dapat na itala sa VPAS consent for perinatal post-mortem examination form.

Ang eksaminasyon ay nangyayari sa lalong madaling panahon pagkatapos ng pagkamatay ng iyong sanggol. Ito ay karaniwang sa loob ng ilang mga araw ng trabaho.

Ang iyong sanggol ay laging tatrathin nang may pag-iingat at paggalang mula sa panahon na siya ay dinala sa espesyalistang lugar, sa panahon ng eksaminasyon at habang siya ay ibinabalik sa napili mong funeral director.

Ang post-mortem examination at anumang karagdagang pagsusuri ay sumusunod sa mga alituntunin ng Perinatal Society of Australia and New Zealand (PSANZ).

Sa ilang mga pangyayari, ang pagkamatay ng isang sanggol ay dapat isangguni sa coroner. Sa sitwasyong ito, tungkulin ng coroner na ayusin ang post-mortem na imbestigasyon. Hindi ito pangkaraniwan kaya't tatalakayin ito sa iyo ng kawani na nag-aalaga sa iyo at sa iyong sanggol.

Bakit kami nag-aalok ng mga post-mortem?

Kapag namatay ang isang sanggol, kami ay nag-aalok ng isang post-mortem upang maintindihan kung ano ang nangyari.

Depende sa sitwasyon ng iyong pagbubuntis, ang isang post-mortem ay maaaring makatulong na matuklasan ang karagdagang mahalagang impormasyon tungkol sa anumang mga kondisyon na nadiagnos bago ang panganganak at ang sanhi ng pagkamatay.

Ito rin ay nagbibigay ng mahalagang impormasyon para sa mga pagbubuntis sa hinaharap at sumusuporta sa pananaliksik upang pigilan ang mga stillbirth at neonatal death.

Ano ang iba't-ibang uri ng post-mortem?

Mayroong iba't-ibang uri ng post-mortem, ang bawat isa ay nagbibigay ng iba't-ibang antas ng detalye. Kung mas masinsinan ang eksaminasyon, mas tumpak ang impormasyong makukuha namin.

Kabilang sa lahat ng mga post-mortem ang pagkuha ng mga klinikal na litrato at pagsusuri sa placenta. Maaari ring kabilang dito ang ibang mga pagsusuri tulad ng mga x-ray, MRI scan (na nagbibigay ng detalyadong larawan ng loob ng katawan), at mga pagsusuri para sa mga impeksyon at genetic na kondisyon.

Full post-mortem (Lubusang post-mortem)

Ang full post-mortem ay kinapapalooban ng isang lubusang panlabas at panloob na eksaminasyon ng katawan ng iyong sanggol. Sa oras ng panloob na eksaminasyon, karaniwang gumagawa ng dalawang pagbubukas (mga paghiwa) ang pathologist at maingat na aalisin at susuriin ang mga organo at utak. Maliliit na mga piraso (mga sample) ng tisyu (tulad ng isang biopsy) ay kukunin para sa pagsusuri at iimbakin. Ang anumang tisyu o mga organo, kabilang ang utak, na hindi kinakailangan para sa diyagnosis (pagsusuri) ay ibabalik sa katawan ng iyong sanggol, maliban kung iba ang hihilingin mo.

Pagkatapos ng eksaminasyon, ang mga hiwa ay maingat na isasara, at maaari nang bihisang ang iyong sanggol. Kapag nabihisan na ng damit at beanie, hindi na makikita ang mga tahi.

Limited post-mortem (Limitadong post-mortem)

Sa isang limited post-mortem, ilang mga bahagi lamang ng isang full post-mortem ang gagawin.

Lubusang sisiyasatin ng pathologist ang panlabas ng katawan ng iyong sanggol. Pagkatapos ay magsasagawa siya ng isang limitadong pagsusuring panloob ng mga partikular na organo o mga bahagi na napagpasyahan mo at ng iyong doktor.

Halimbawa, maaaring pipiliin mo na ipasuri lamang ang panlabas at mga organo lamang sa abdomen (tiyan) ang susuriin na panloob. O maaaring sumang-ayon ka na kumuha lamang ng maliliit na mga piraso ng balat para sa genetic na pagsusuri.

Ang mga maliliit na piraso ng balat ay kukunin para sa pagsusuri at iimbakin.

External post-mortem (Panlabas na post-mortem)

Ang isang external post-mortem ay kinapapalooban ng isang lubos na eksaminasyon ng panlabas ng katawan ng iyong sanggol. Hindi magkakaroon ng isang panloob na eksaminasyon, walang gagawing paghiwa, at walang kukuning mga maliliit na piraso ng tisyu.

Ano ang mangyayari sa tisyu at mga organo pagkatapos ng post-mortem?

Pagkatapos ng post-mortem, susiriin ng perinatal pathologist ang mga maliliit na piraso ng kinuhang tisyu sa ilalim ng isang microscope. Ang mga maliliit na pirasong ito ay karaniwang pinepreserba sa loob ng mga wax block. Pagkatapos masuri, ang mga block na ito ay iimbakin sa pathology department.

Ang mga ospital ay inatasan ng batas na iimbakin ang anumang tisyu (wax blocks) na kinuha sa panahon ng isang post-mortem sa loob ng mga 25 taon. Maaari ring ilagay sa yelo (frozen) ang isang maliit na piraso ng tisyu at iimbakin para sa mga pagsusuri sa hinaharap na napagpasyahan mo at ng iyong doktor na kinakailangang gawin.

Lahat ng mga natitirang tisyu o mga organo ay ibabalik sa katawan ng iyong sanggol. Gayunpaman, kung minsan sa mga maliliit na sanggol na may napakamaliliit na mga organo, maaaring kailangan namin ang buong organo upang makakuha ng sapat na sample para sa pagsusuri.

Kung binigyan mo ang ospital ng pahintulot para gamitin ang anumang natitirang tisyu o mga organo para sa pananaliksik at pagtuturo, mangyaring alamin mo na maaaring kasama dito ang tisyu sa mga wax block, sariwang tisyu at mga klinikal na litrato. Hindi makikilala ang iyong sanggol mula sa mga bagay na ito.

Kung gusto mo, maaaring ibalik sa iyo ang iyong placenta (inunan) pagkatapos ng eksaminasyon. Kabilang sa eksaminasyon ng placenta ang pagkuha ng isang maliit na piraso para sa pagsusuri at ang paggamit ng formalina (isang kemikal upang tumulong sa pagpreserba ng placenta).

Ano ang mga pakinabang at disbentaheng isang post-mortem?

Mga pakinabang

Ang post mortem ay maaaring makatulong na:

- Magbigay ng impormasyon tungkol sa dahilan ng pagkamatay o ano ang hindi ibibilang na dahilan ng pagkamatay.
- Kumpirmahin ang edad ng pagbubuntis sa iyong sanggol.
- Kumpirmahin ang kasarian ng iyong sanggol.
- Magbigay ng tinatayang oras ng pagkamatay.
- Ipaliwanag ang kahalagahan ng mga problemang genetic o pisikal.
- Magbigay ng impormasyon tungkol sa mga maaaring isaalang-alang para sa mga pagbubuntis sa hinaharap.
- Magbigay ng datos at impormasyon upang gabayan ang pananaliksik sa perinatal na pagkamatay at tulungan ang ibang mga pamilya at mga sanggol sa hinaharap.

Mga disbentahe

- Ang post mortem ay maaaring hindi laging makapagbigay ng partikular na sanhi ng pagkamatay.
- Paminsan-minsan, ang mga kumplikadong pagsusuri sa panahon ng post mortem ay maaaring mangangahulugan na kakailanganing manatiling nang mas matagal ang iyong sanggol, at hahantong sa pagkaantala ng mga pagsasaayos ng libing. Maaari kang magpasya kung itutuloy ang mga pagsusuring ito, at maaaring liwanagin ng iyong healthcare team kung gaano ang itatagal ng mga ito.
- Pagkatapos ng isang panloob na eksaminasyon, ang iyong sanggol ay magkakaroon ng mga tahi, ngunit hindi ito makikita kapag nabihisan na ang iyong sanggol.
- Napapansin ng ilang pamilya ang pagkakaiba sa pagdama nila ng kanilang sanggol pagkatapos ng isang full post mortem.

Saan gaganapin ang post-mortem?

Sa Victoria, ang mga post-mortem examination ay isinasagawa sa isa sa tatlong mga espesyalistang lugar, depende kung saang lugar namatay ang iyong sanggol. Lahat ng mga lugar na ito ay nasa Melbourne. Ang mga ito ay:

- The Royal Women's Hospital, Parkville (Royal Children's Hospital Pathology)
- The Mercy Hospital for Women, Heidelberg (Austin Pathology)
- Monash Health, Clayton (Monash Pathology)

Ipapaalam ng kawaning nag-aalaga sa iyo kung aling ospital ang magsusuri sa iyong sanggol.

Sino ang kukuha ng aking sanggol para sa pagsusuri?

Mayroon kaming nakalaang transport team na may karanasan at sinanay sa pangangalaga ng mga sanggol.

Kung napagpasyahan mo na magkaroon ng post-mortem para sa iyong anak, papupuntahin namin ang aming team sa ospital na kinaroroonan ng iyong sanggol. Sisiguraduhin nila na handa ang iyong sanggol para sa paglalakbay at ligtas na makakarating para sa eksaminasyon.

Kung nakatira ka sa isang rehiyonal na lugar ng Victoria, aayusin din namin na ibalik ang iyong sanggol pagkatapos ng eksaminasyon sa funeral director na napili mo upang tulungan ka sa paglilibing.

Ang serbisyong ito ay walang bayad.

Gaano katagal ang post-mortem?

Ang post-mortem examination ay sinisimulan sa pamamagitan ng mga panlabas na pagsusuri kagaya ng mga x-ray o MRI. Ang mga pagsusuring ito ay gagawin sa lalong madaling panahon ngunit maaaring magtagal ito ng ilang araw, depende kung kailan maaaring gamitin ang mga serbisyong iyon. Pagkatapos ng mga pagsusuring ito, ang panloob na eksaminasyon, na kinasasangkutan ng surgery, ay maaaring maganap. Ang panloob na eksaminasyon ay tatagal ng humigit-kumulang sa tatlong oras.

Naiintindihan namin na mahalaga para sa iyo na malaman kung gaano katagal na nasa pangangalaga namin ang iyong sanggol, dahil maaari itong makaapekto sa iyong mga plano para sa paglilibing ng iyong sanggol. Ang iba pang kailangang isaalang-alang ay kung saan kayo naroroon ng iyong sanggol. Kung ikaw ay nasa isang rehiyonal na lugar ng Victoria, kailangan din naming isama ang oras na kailangan para dalhin ang iyong sanggol papunta sa perinatal pathologist sa Melbourne.

Ang kawani na nag-aalaga sa iyo ay maaaring makipag-ugnay sa VPAS coordinator upang makakuha ng mas tumpak na oras kung kailan maibabalik ang iyong sanggol sa iyo.

Ano ang mangyayari pagkatapos ng post-mortem?

Kapag nakumpleto na ang post-mortem examination, kokontakin namin ang funeral director na napili mo upang tulungan ka sa mga pagsasaayos ng libing.

Aayusin namin ang ligtas at magalang na paglipat ng iyong sanggol mula sa aming pangangalaga papunta sa kanila.

Maaari mo bang makita ang iyong sanggol pagkatapos ng post-mortem?

Oo. Ang ilang mga magulang ay pipiliing gumugol ng oras kasama ang kanilang sanggol pagkatapos ng post-mortem examination, habang ang kanilang sanggol man ay nasa pangangalaga ng funeral director o, sa ilang mga kaso, ay nasa bahay.

Kailan mo makukuha ang mga resulta ng post-mortem?

Pagkatapos ng post-mortem examination, ang perinatal pathologist ay magsusulat ng isang detalyadong ulat na nagpapaliwanag ng natuklasan niya. Ang ulat na ito ay karaniwang nakukumpleto sa loob ng 10 hanggang 12 linggo, depende sa mga kinakailangang pagsusuri at kung gaano katagal makukuha ang mga resulta.

Ang ulat ay ipapadala sa doktor na nag-alaga sa iyo at sa iyong sanggol. Aayusin nila ang isang follow-up appointment para sa iyo upang talakayin kung ano ang natuklasan sa post-mortem examination ng iyong sanggol.

Ano ang mga magagastos?

Walang gastos para sa post-mortem examination. Sagot ito ng VPAS.

Sagot din namin ang gastos para sa transportasyon ng iyong sanggol sa espesyalistang lugar para sa eksaminasyon at ang pagpapauwi ng mga sanggol sa mga rehiyonal na lokasyon.

Kailan mo kailangang magdesisyon?

Makikipag-usap sa iyo ang iyong healthcare team tungkol sa pagkakaroon ng isang post-mortem pagkatapos ng pagkamatay ng iyong sanggol. Mahalaga na gawin ang pagpapasyang ito sa lalong madaling panahon dahil ang paghihintay ay maaaring makaapekto sa katumpakan ng mga resulta ng pagsusuri.

Maglaan ng oras para sa iyong sanggol at sa iyong pamilya upang piliin kung ano ang nadarama mong tama para sa iyo.

Karagdagang impormasyon

Maaari mong i-scan ang mga QR code na ito para sa impormasyon tungkol sa:

Perinatal autopsy.



Mga mapagkukunan para sa pagluluksa



Kontakin ang VPAS coordinator kung kailangan mo ng karagdagang mga detalye

T [1800 841 024](tel:1800841024)

E VPAC@thewomens.org.au

Mga oras

Lunes–Biyernes

9:00 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon.